# KUNG NAGBAGO ANG LAHAT
# (Easter People Series, Part 4)
## A Lord's Flock Worship Service Topic
**Fr. Alex Balatbat**

**Abril 12, 2025**

Nabago ang ating mga puso; inspirado tayo, at tayo'y tinubos sa pamamagitan ng Kanyang kamatayan sa krus. Kayang-kaya nating pagtagumpayan ang lahat sa pamamagitang ng pagmamahal ng Diyos. Tunay nga, ang Diyos ay pag-ibig.




**1. ANG KAHULUGAN NG PAG-IBIG NG DIYOS**

1.1. Gusto ng Diyos na may personal tayong relasyon sa Kanya.
1.2. Nilikha Niya ang tao (ayon sa Kanyang larawan), na punong-puno ng kagandahan, kadakilaan at posibilidad.
1.3. Nagbibigay ng makapangyarihang mensahe ang Kanyang pagmamahal – mahalaga sa Kanya ang Kanyang mga anak.
1.4. Pinili Niyang mamatay sa krus para tayo ay matubos sa ating mga kasalanan at mabigyan ng panibagong buhay.

**2. ANG KAPANGYARIHAN NG PAG-IBIG NG DIYOS**

2.1. Niyakap ng Diyos ang ating pagkatao para maintindihan Niya ang ating mga takot, mga sakripisyo, at mga kasalanan.
2.2. Naramdaman ni Hesus na iniwan Siyang mag-isa sa krus; tinanong Niya ang kanyang Ama bakit Siya pinabayaan. Ngunit, sa Kanyang huling sandal, inihabilin Niya ang Kanyang Espiritu sa Kanyang Ama.
2.3. Ang kasalanan ay nawawalan ng kapangyarihan; ang pag-ibig ng Diyos ay nagbibigay kapangyarihan na magpatuloy.

**3. PAANO IPINAKITA ANG DAKILANG PAG-IBIG NG DIYOS SA BANAL NA KASULATAN?**

3.1. Sa ibang bersyon ng kwento ng "Alibughang Anak" ang ama (Diyos Ama) ay nag-utos sa panganay na anak (Hesus) na hanapin ang alibughang anak (tayo). Habang hinahanap tayo, namatay Si Hesus sa krus. Nagsindi pa Siya ng mga kandila sa daanan (bilang gabay) para malaman nating mga anak ang daan pauwi sa Ama.
3.2. Niyakap ni Hesus ang ating mga kasalanan, at imbitado tayong bumalik (2 Cor. 5:21).
3.3. Maaaring nailigtas ni Hesus si Hudas sa impiyerno; niyaya siyang magsisi sa kabila ng kanyang pagtataksil.
3.4. Sa kabila ng pagtatatwa ni Pedro, nabago siya ng pag-ibig at pagpapatawad ni Hesus; muli siyang nangako na mamahalin at paglilingkuran ang Panginoon – "Pakainin ang Aking mga tupa."

**Konklusyon:**
Maski magulo ang mga pangyayari sa ating buhay, ipinangako ng Diyos na yayakapin Niya ang ating paghihirap, ang ating kahihiyan, at ating mga kasalanan.
Bilang mga tao ng Pasko ng Pagkabuhay, ipinapaalala sa atin na ang pag-ibig ng Diyos ay naipadama sa pamamagitan ng Krus. Ang mga Tao ng Pasko ng Pagkabuhay ay may pag-ibig sa puso dahil sa pag-ibig ng Diyos na nagbigay ng bugtong Niyang Anak (John 3:16).

**Pagninilay:**
1. Ano ang nagpapahirap sa iyong buhay ngayon?
2. Nakakaramdam ka ba ng pag-iisa?
3. Paano mo mararanasan ang pag-ibig ng Diyos sa iyong buhay paglalakbay?

**Scribes Ministry:**
Isinalin ni: Nida Cruz
https://lordsflock.org/teachings/digests
Tags: #Muling_Pagkabuhay